

PAHAYAG SA PAG-UULAT NG SALUNGATAN NG INTERES DS 6016 (Rev. 08/2013)

Ang mga tungkulin at responsibilidad ng iyong posisyon sa sentrong pangrehiyon ay kakailanganin mo na ihain ang Pahayag ng Pag-uulat ng Salungatan ng Interes. Ang layunin ng pahayag na ito ay para tulungan ka, ang sentrong pangrehiyon at ang Departamento ng mga Serbisyon Pangkaunlaran (Department of Developmental Services o DDS) na tukuyin ang anumang mga ugnayan, posisyon o pangyayari na kinasasangkutan mo na maaaring lumikha ng salungatan ng interes sa pagitan ng iyong mga tungkulin at obligasyon ng sentrong pangrehiyon, at anumang iba pang mga interes at/o relasyon sa pananalapi na maaaring mayroon ka. Upang maging komprehensibo, ang pahayag ng pag-uulat na ito ay kakailanganin na magbigay ka ng impormasyon tungkol sa iyong mga interes sa pananalapi.

Ang isang "salungatan ng interes" ay karaniwang umiiral kung mayroon kang isa o higit pang mga personal, negosyo, o pinansyal na mga interes, o mga relasyon na magiging sanhi na ang isang rasonableng tao na may kaalaman sa mga nauugnay na katotohanan na magtanong sa iyong kawalan ng pinapanigan patungkol sa iyong mga tungkulin sa sentrong pangrehiyon. Ang mga partikular na pangyayari at relasyon na lumilikha ng salungatan ng interes ay itinakda sa Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54500 hanggang 54530. Dapat mong suriin ang mga probisyong ito upang maunawaan ang mga partikular na interes sa pananalapi at mga relasyon na maaaring lumikha ng salungatan ng interes.

Mangyaring sagutin ang mga sumusunod na tanong sa abot ng iyong kaalaman. Kung makakita ka ng tanong na nangangailangan ng karagdagang paliwanag at/o walang sapat na espasyo para masagot ang tanong, mangyaring maglakip ng nararapat na karagdagang pahina kung kinakailangan, at tukuyin ang numero ng tanong sa tabi ng iyong sagot. Kung matukoy ng sentrong pangrehiyon ang isang salungatan na kinasasangkutan mo, kakailanganin itong maghanda ng plano sa paglutas ng salungatan. Ang ilang kaugnay na kahulugan ay ibinigay sa mga talababa (footnote) upang tulungan ka sa pagtugon sa pahayag na ito.

Kinakailangan mong ihain ang Pahayag ng Pag-uulat na ito sa loob ng 30 araw mula sa pagsisimula ng iyong trabaho sa sentrong pangrehiyon o mula sa petsa na itinalaga ka sa lupon ng sentrong pangrehiyon o lupon ng komite ng pagpapayo. Pagkatapos ay kinakailangan kang maghain ng taunang Pahayag ng Pag-uulat bago ang ika-1 ng Agosto ng bawat taon habang nananatili kang nagtatrabaho sa sentrong pangrehiyon o habang miyembro ka ng lupon ng sentrong pangrehiyon o lupon ng komite ng pagpapayo. Dapat ka ring maghain ng Pahayag sa Pag-uulat sa loob ng 30 araw ng anumang pagbabago sa iyong katayuan na maaaring magresulta sa isang salungatan ng interes. Ang mga pangyayari na maaaring bumubuo ng pagbabago sa iyong katayuan na maaaring mangailangan sa iyong maghain ng isinapanahon na Pahayag ng Pag-uulat ay inilarawan sa ibaba sa talababa ng isa.

A. IMPORMASYON NG PAG-ULAT NG INDIBIDWAL

Pangalan: _____ Sentrong Pangrehiyon: _____

Posisyon/Titulo sa Sentrong Pangrehiyon ☐ Miyembro ng Lupon ng Namamahala ☐ Ehekutibong Direktor
☐ Komite ng Tagapayo ng Bendedor na nakaupo sa Lupon ☐ Empleyado
☐ Kontratista ☐ Ahente ☐ Kasangguni

Katayuan ng Pag-uulat: ☐ Taunan ☐ Bagong Paghirang (petsa): _____
☐ Pagbabago ng Katayuan¹

Kung may pagbabago sa katayuan, petsa at pangyayari ng pagbabago sa katayuan:

1. Pakilista ang iyong titulo sa trabaho at ilarawan ang iyong mga tungkulin sa trabaho sa sentrong pangrehiyon.

¹ Kasama sa pagbabago ng katayuan ang isang dati nang hindi naiulat na aktibidad na dapat sana ay naiulat, pagbabago sa kalagayan ng isang naunang iniulat na aktibidad, pagbabago sa interes sa pananalapi, relasyon sa pamilya, legal na pangako, pagbabago sa posisyon o tungkulin ng sentrong pangrehiyon, pagbabago sa sentrong pangrehiyon, o pagbabago sa posisyon o tungkulin sa labas. Tingnan ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54531(d) at 54532(d).

☐	Miyembro ng Lupon ng Namamahala
☐	Tagapayo ng Bendedor sa Lupon
☐	Ehekutibong Direktor
☐	Empleyado/Iba pa

2. Ikaw ba o isang miyembro ng pamilya ay² nagtatrabahopara sa anumang entidad o organisasyon na isang tagapagbigay o kontratista ng sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, ibigay ang pangalan ng entidad o organisasyon at ilarawan kung anong mga serbisyo ang ibinibigay nito para sa sentrong pangrehiyon o sentrong rehiyonal na mga mamimili. Kung ang tagapagbigay o kontratista ay isang entidad ng estado o lokal na pamahalaan, ibigay ang partikular na pangalan ng entidad ng estado o lokal na pamahalaan at ilarawan ang iyong mga tungkulin sa trabaho sa entidad ng estado o lokal na pamahalaan.

3. Ikaw ba o isang miyembro ng pamilya ay nagmamay-ari o may hawak na posisyon³ sa isang entidad o organisasyon na isang tagapagbigay ng sentrong pangrehiyon o kontratista? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, ibigay ang pangalan ng entidad o organisasyon, ilarawan kung anong mga serbisyo ito nagbibigay para sa mga mamimili ng sentrong pangrehiyon o sentrong pangrehiyon, at ilarawan ang interes mo o ng iyong miyembro ng pamilya sa pananalapi.

4. Ikaw ba ay miyembro ng lupon ng komite sa pagpapayo ng sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, miyembro ka ba ng namumunong lupon o may-ari o empleyado ng isang entidad o organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo sa sentrong pangrehiyon o mga mamimili ng sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, ibigay ang pangalan ng entidad o organisasyon at ilarawan anong mga serbisyo ang ibinibigay nito para sa mga mamimili ng sentrong pangrehiyon o sentrong pangrehiyon.

5. Kung ikaw ay isang miyembro ng lupon ng komite sa pagpapayo ng sentrong pangrehiyon at sumagot ng oo sa lahat ng mga tanong sa Tanong 4 sa itaas, ang alinman sa mga sumusunod ay naaangkop sa iyo: (a) ikaw ba ay isang opisyal ng lupon ng sentrong pangrehiyon; (b) bumoboto ka ba sa pagbili ng mga serbisyo mula sa isang tagapagbigay ng sentrong pangrehiyon; o (c) bumoto ka ba sa mga bagay kung saan maaari kang magkaroon ng pananalapi interes? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, pakipaliwanag.

² Kasama sa miyembro ng pamilya ang iyong asawa, kasosyo sa tahanan, mga magulang, mga stepparent, mga lolo't lola, mga kapatid, mga stepsibling, mga anak, mga stepchildren, mga apo, biyenang, bayaw, hipag, manugang at manugang. Tingnan ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54505(f).

³ Para sa mga layunin ng tanong na ito, ang humawak sa isang posisyon sa pangkalahatan ay nangangahulugan na ikaw o isang miyembro ng pamilya ay isang direktor, opisyal, may-ari, kasosyo, empleyado, o shareholder ng isang entidad o organisasyon na isang tagapagbigay sa sentrong pangrehiyon o kontratista. Para sa isang partikular na paglalarawan ng mga posisyon na lumilikha ng salungatan ng interes sa isang tagapagbigay ng sentrong pangrehiyon o kontratista tingnan ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54520 at 54526.

☐ Miyembro ng Lupon ng Namamahala
☐ Tagapayo ng Bendedor sa Lupon
☐ Ehekutibong Direktor
☐ Empleyado/Iba pa

6. Ang alinman sa mga desisyon na gagawin mo kapag gumaganap ng iyong mga tungkulin sa trabaho sa sentrong pangrehiyon ay may potensyal na makinabang sa pananalapi sa iyo o sa isang miyembro ng pamilya⁴? [Tandaan: Hindi kailangang sumagot ng “oo” sa tanong na ito ng mga miyembro ng namamahalang lupon kung ang benepisyong pinansyal ay makukuha sa mga mamimili ng sentrong pangrehiyon o sa kanilang mga pamilya sa pangkalahatan].
☐ oo ☐ hindi-- Kung oo, pakipaliwanag.
7. Responsable ka ba sa pakikipag-ayos, paggawa ng⁵, pagpapatupad o pag-apruba ng mga kontrata sa ngalan ng sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi-- Kung oo, pakipaliwanag.
8. Mayroon ka bang pinansyal na interes sa anumang kontrata⁶ sa sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi-- Kung oo, nakipag-ayos ka ba, gumawa, nagsagawa o nag-apruba ng kontrata sa ngalan ng sentrong pangrehiyon?
☐ oo ☐ hindi-- Kung oo, pakipaliwanag.
9. Mayroon ba sa mga miyembro ng iyong pamilya na may pinansiyal na interes sa anumang kontrata sa sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, nakipag-ayos ka ba, gumawa, nagsagawa o nag-apruba ng kontrata sa ngalan ng sentrong pangrehiyon? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, pakipaliwanag.

⁴Sa pangkalahatan, ang isang desisyon ay maaaring makinabang sa pananalapi sa iyo o sa isang miyembro ng pamilya kung ang desisyon ay maaaring direkta o hindi direktang magdulot sa iyo o sa isang miyembro ng pamilya na makatanggap ng pinansiyal na pakinabang o maiwasan ang isang pinansyal na pagkawala. Para sa isang partikular na paglalarawan ng mga uri ng mga desisyon na maaaring magresulta sa isang pinansiyal na benepisyo sa iyo o sa isang miyembro ng pamilya tingnan ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54522 at 54527.

⁵Ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54523(b)(2) at 54528(b)(2) ay naglalarawan ng mga uri ng pag-uugali na bumubuo ng paglahok sa paggawa ng isang kontrata.

⁶Para sa mga layunin ng mga tanong 8 at 9, ang interes sa pananalapi sa isang kontrata sa pangkalahatan ay nangangahulugan ng anumang direkta o hindi direktang interes sa isang kontrata na maaaring magdulot sa iyo o sa isang miyembro ng pamilya na makatanggap ng anumang uri ng pinansyal na pakinabang o maiwasan ang anumang uri ng pagkalugi sa pananalapi anuman ang halaga ng dolyar. Ang Kodigo ng Mga Regulasyon ng California, pamagat 17, mga seksyon 54523 at 54528 ay tumutukoy kung kailan magaganap ang mga pinansyal na interes sa isang kontrata.

☐ Miyembro ng Lupon ng Namamahala
☐ Tagapayo ng Bendedor sa Lupon
☐ Ehekutibong Direktor
☐ Empleyado/Iba pa

10. Sinusuri mo ba ang mga aplikasyon sa trabaho o mga bid sa kontrata na isinumite ng (mga) miyembro ng iyong pamilya?
☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, pakipaliwanag.

11. Ang iyong mga tungkulin sa trabaho ay nangangailangan sa iyo na kumilos para sa pinakamahusay na interes ng sentrong pangrehiyon at mga mamimili ng sentrong pangrehiyon. Mayroon ka bang anumang mga pangyayari o iba pang mga interes sa pananalapi na hindi pa napag-usapan sa itaas na hahadlang sa iyong kumilos para sa pinakamahusay na interes ng sentrong pangrehiyon o ng mga mamimili nito? ☐ oo ☐ hindi -- Kung oo, pakipaliwanag.

B. PAGPAPATOTOO

Ako _____ (i-printa ang pangalan) KINUKUMPIRMA ko na nabasa at naiintindihan ko ang Patakaran sa Salungatan ng Interes ng sentrong pangrehiyon at na ang aking mga tugon sa mga tanong sa Pahayag ng Pag-uulat ng Salungatan ng Interes na ito ay kumpleto, totoo, at tama sa abot ng aking impormasyon at paniniwala. Sumasang-ayon ako na kung nalaman ko ang anumang impormasyon na maaaring magpahiwatig na ang pahayag na ito ay hindi tumpak o hindi ako nakasunod sa Patakaran sa Salungatan ng Interes ng sentrong pangrehiyon o sa mga naaangkop na batas sa salungatan ng interes, aabisuhan ko kaagad ang itinalagang indibidwal ng sentrong pangrehiyon. Naiintindihan ko na ang sadyang pagbibigay ng maling impormasyon sa Pahayag ng Pag-uulat ng Salungatan ng Interes na ito ay sasailalim sa akin ng parusang sibil sa halagang hanggang limampung libong dolyar (\$50,000) alinsunod sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code) seksyon 4626.

Lagda _____ Petsa _____

INTERNAL USE ONLY (INTERNAL NA PAGGAMIT LANG)

Date this Statement was received by Reviewer:

The reporting individual ☐ does ☐ does not have a ☐ present ☐ potential conflict of interest

Signature of Designated Reviewer

Date Review Completed